Adoracion Nocturna Filipina

DAHON NG MGA HANGARIN

DAHON NG MGA HANGARIN

Panalangin

Basbasan O Panginoon, ang mga hangaring ito kung sa lalong ikaluluwalhati Mo at sa ikabubuting walang hanggan ng mga kaluluwa. At yayamang hindi namin nalalaman kung ano ang nararapat naming hingin sa ikalulugod ng Inyong Kamahalan, mangyari nawang ipahiwatig, Panginoon namin, ang lahat ng ibig Mong ipagkaloob sa amin... at itanim nawa ng Banal na Espiritu sa aming mga puso ang lubos na pagsisis. Siya nawa.

KRISTO, PAKINGGAN MO KAMI

PANGKALAHATAN AT PALAGIANG HANGARIN NG PAGASMBANG-GABI SA PILIPINAS

1. Ang pagbabago at pag-unlad ng Simbahan at ang kanyang mabisang tungkulin sa makabagong daigdig.
2. Ang mga gawaing pangmisyon ng Simbahan sa buong daigdig.
3. Ang tagumpay ng Kilusang Ekumenikal sa mga simbahang Kristiyano at muling pagsasama-sama ng lahat ng Kristiyano.
4. Ang tumpak sa paggamit ng pag-uugnayang pangmedia (radio, telebisyon, pinilakang tabing at pahayagan) ayon sa mga simulaing Kristiyano.
5. Ang Papa at ang lahat ng kanyang mga hangarin.
6. Ang mga obispo ng Simbahan pangdaigdig, lalung-lalo na ang mga obispong Pilipino.
7. Ang mga pari ng Simbahan; ang kanilang pananatili sa pagkapari, at ang kanilang lubos na paglaban ng sarili sa paglilingkod sa Diyos at sa mga tao.
8. Ang ikalalago ng bokasyon sa pagpapari at sa pangkarelihiyoso sa Simbahan, lalong-lalo na sa ating bansa.

9. Ang apostolado ng mga karaniwang binyagan at ang lahat ng mga gawaing apostoliko ng Simbahan.
10. Ang kabataan ng daigdig, lalung-lalo na ang mga kabataang Pilipino.
11. Ang pagsulong ng mga di pa gaanong maunlad na bansa, lalung-lalo na sa ekonomiya at lipunan ng ating bansa.
12. Ang kapayapaang pandaigidig at ang lubusang pagkapawi ng digmaan sa mga angkan ng mga bansa.
13. Ang mga gawaing Pagsambang-Gabi sa buong daigdig, lalung-lalo na ng Pagsambang-Gabi ng Pilipinas.
14. Ang ikalulutas sa madaling panahon ng mga suliraning pandaigdig, tulad ng labis na bilang ng mamamayan, kahirapan, kawalang katarungan panglipunan, digmaan at ikalilipol ng Komonismong walang Diyos.
15. Ang ikapagbabalik-loob ng mga makasalanang, walang pananampalataya, at mga ateista.
16. Ang mga taong nangangailangan ng tulong na pangkatawan at pangkaluluwa, mga maralita, mga maysakit, at lahat ng mga walang hanapbuhay.
17. Ang mga kaluluwa sa Purgatoryo, lalung-lalo na ang mga namatay na kasapi ng Pagsambang-Gabi sa Pilipinas.
18. Ang mga tagatangkilik ng mga gawain ng Pagsambang-Gabi, buhay at patay.
19. Ang kabanalan ng matrimonyong Kristiyano, at ng karapatang mabuhay ng hindi pa isinisilang na sanggol.
20. Para sa mga mapagkawanggawa, pinagkakautangang loob, at mga tumutulong sa ANF, upang magkaroon ng Tahanan.

Mga Ibang Hangarin

Ang aking angkan
Ang mga kapatid sa ANF
Aking Parokya at mga
kasama noon.
Mga maysakit at nasa
kapighatian.
Kapayapaan
Pagpapasalamat

_____

_____

_____

"Sundin ang loob Mo ditto sa lupa, para sa Langit.
Siya nawa"

Tagalog Version